# Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.com

Pangalan ______________________ Petsa ______________ Marka $\frac{\quad}{10}$

## Mga sagot sa Pagtukoy ng Sanhi o Bunga

*Panuto:* Isulat sa patlang ang titik **S** kung ang may salungguhit ay tumutukoy ng sanhi. Isulat ang titik **B** kung ito ay tumutukoy ng bunga.

**S** 1. Hindi naplantsa ni Janet ang kanyang uniporme dahil <u>nawalan sila ng kuryente</u>.

**B** 2. Tulog ang sanggol kaya <u>huwag kayong maingay</u>.

**S** 3. Pagka't <u>malakas ang sikat ng araw</u>, agad natuyo ang mga damit sa sampayan.

**S** 4. Dahil <u>nakalimutan ni Roselle ang kanyang I.D.</u>, bumalik siya sa bahay.

**B** 5. Sapagka't nagmamadali siyang lumabas ng bahay, <u>hindi nakapagsuklay si Carla.</u>

**S** 6. <u>Pumutok ang gulong ng bisikleta ni Justin</u> kaya napatigil siya sa daan.

**B** 7. Naunawaan ni Gabby ang aralin kung kaya't <u>tama lahat ang sagot niya sa pagsasanay</u>.

**B** 8. <u>Hindi pumasok sa opisina si Manuel</u> pagka't mataas ang kanyang lagnat.

**B** 9. Dahil basa ang sahig, <u>nadulas at nasaktan ang isang mag-aaral</u>.

**S** 10. Nakalabas ang tuta kasi <u>naiwan na nakabukas ang *gate*</u>.